

Nag-aalok ang Lungsod ng Brampton ng buong araw na mga camping sa darating na mga pagsasara ng paaralan

BRAMPTON, ON (Enero 28, 2020) – Nag-aalok ang Lungsod ng Brampton ng kumbinyente at abot-kayang buong araw na camping sa piling mga sentro ng komunidad sa buong Brampton sa Enero 31, Pebrero 4 at Pebrero 6, dahil inanunsyo ng Lupon ng Pampurok na Paaralan ng Peel (Peel District School Board) na ang mga paaralang elementarya ng Peel ay sarado sa mga estudyante ng kindergarten hanggang grade 8 sa tinukoy na mga petsa.

Committed ang Lungsod sa pagsuporta sa masipag na nga magulang at mga pamilyang may mga anak na nasa edad na nag-aaral.

Sa bawat petsa na sarado ang mga paaralan, iaalok ang buong araw na camping sa mga batang apat na taong gulang hanggang 13 taong gulang sa sumusunod na mga lokasyon:

- Brampton Soccer Centre
- Cassie Campbell Recreation Centre
- Gore Meadows Community Centre
- Greenbriar Recreation Centre

Patuloy na imo-monitor ng Lungsod ang mga update. Makikita online ang up-to-date na impormasyon sa programa at ang mga detalye ng rehistrasyon sa www.brampton.ca/recreation.

Pakitandaan na ang buong araw na mga camping ay iaalok lamang sa kaganapan ng pagsasara ng mga paaralan ng Peel District School Board/Dufferin-Peel Catholic District School Board.

-30-

KONTAK SA MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Strategic na Komunikasyon sa
Media at Pakikilahok sa Komunidad
City of Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca